

1. Tungkol sa Tochigi Cherry Blossom Festival at Impormasyon para sa mga Tanyag na Lugar na Pagdadausan ng Sakura Viewin

Panahon ng Cherry Blossoms na naman ngayong bahagi ng taon. Iminumungkahi ang ilan sa mga tanyag na bahagi ng lungsod kung saan idaraos ang cherry blossom festivals at mga kilalang lugar para sa cherry blossoms viewing o “Hanami”.

Ang Ohirasan Sakura Festival ay idinaraos mula ika-21 ng Marso hanggang ika-13 ng Abril. Ang mga cherry blossoms sa bundok ng Ohirasan ay napili bilang isa sa “100 Best Cherry Blossom Spots ng Japan”. Mula sa paanan ng bunok ay mapagmamasdan sa kalsada nito ang magagandang hanay ng namumulaklak na puno ng Sakura na tinatawag na “Cherry Blossom Tunnel”. Mayroong humigit kumulang 4,000 na puno ng sakura sa bundok ng Ohirasan.

Ang Ohira Sakura Festival naman ay ginaganap mula ika-28 ng Marso hanggang ika-6 ng Abril. Ang mga namumulaklak na Sakura mula sa harap ng Ohira Sports Park ay iilawan mula alas 6:00 hanggang alas 9:00 ng gabi.

Ang Fujioka Sakura Festival ay idaraos mula ika-28 hanggang sa ika-30 ng Marso sa Fujioka Watarase Sports Parks at itatampok ang pag-iilaw ng mga puno ng Sakura na may mga red lanterns.

Sa ika-30 ng Marso ay magkakaroon ng ibat-ibang events at mga paninda sa nasabing lugar.

Sa Tsuganosato ay gaganapin ang Tsuganosato Flower Festival mula ika-5 hanggang ika-13 ng Abril. Ang mga puno ng Sakura sa lugar na ito ay hindi sabay-sabay na mamumulaklak, kabilang na rito ang 180 taong gulang na Tsuganosato Sakura. Ito ay magbibigay daan upang mapagmasdan ito sa loob ng mahabang panahon. Ibat-ibang events din ang pinapalano tuwing Sabado at Linggo sa nasabing panahon.

Ang Nishikata Kanazaki Cherry Blossoms Festival ay mula sa ika-30 ng Marso hanggang ika-6 ng Abril. Itatampok dito ang hanay ng humigit kumulang na 200 puno ng Sakura sa mga pampang ng Omoigawa River at gugunitain ngayong taon ang ika-100 taon mula nang ang mga ito ay itinanim.

Sa malapit sa Miyano Bridge ng Nagano River na matatagpuan sa Miyamachi ng lungsod ay mapagmamasdan ang may 500 hanay ng puno ng sakura sa 1 at

kalahating kilometro na kahabaan nito. Ang Ibukinosato Cherry Blossom festival ay idaraos mula ika-29 at 30 ng Marso.

Ang Iwafune Sakura Matsuri ay gagawin sa ika-30 ng Marso sa Iwafune Sports Park. Ang mga Sakura tree sa parke ay may 20 taon nang itinanim at naging malalaging puno na. Magkakaroon ng mga events at mga paninda sa nasabing araw.

Samantalahin ang mga pagkakataon na ito at i-explore ang lungsod para sa nasabing mga kaganapan sa panahon na ito ng tagsibol.

2. Pagbubukas ng Bagong Tsuga General Branch ng City Government Office.

Noong ika-25 ng Pebrero ay nagbukas ang bagong Tsuga General Branch ng City Hall. Ito ay matatagpuan sa Harajuku Tsuga Machi na dating Cultural Center. Inayos ito bilang isang pasilidad na pinagsamasama ang mga serbisyo na isang pangkahalatang sangay ng munisipiyong, community center, aklatan at bilang isang modelo para sa muling pagsasa-ayos ng pampublikong pasilidad.

Sa unang palapag nito ang pangkahalatang sangay ng ilang tanggapan ng pamahalaang lungsod at ang aklatan. Ang aklatan ay may koleksyon ng may higit sa 20,000 mga libro. May lugar na inilaan para sa mga bata at espasyo para mapakapag-aral ang mga lokal na mga residente.

Ang ikalawang palapag ay isang community center. Bilang karagdagan sa mga conference rooms at kusina ay mayroon ding multi-purpose room na maaaring gamitin para sa pagsasanay sa pagsasayaw at iba pa na aktibidad. Ang multi-purpose room ay maaaring i-accommodate ang 300 katao at papalitan na nito ang lumang Tsuga Community Center na gagamiting emergency evacuation center kung sakaling magkaroon ng kalamidad.

Mayroon ding lugar kung saan ilalagak ang mga nagamit nang mga uniporme sa eskwela ng mga mag-aaral na nakatapos na hindi na kakailanganin ang mga kasuotan sa eskwela at ipamamahagi na lang ito sa mga nangangailangan ng uniporme sa pagpasok sa eskwela.

Huwag mag-atubiling gamitin ang pasilidad na ito.

3. Pagpapalawig ng Oras ng Ilang Tanggapan ng Munisipiyo.

Ang pamahalaang lungsod upang mapabuti ang pagbibigay serbisyo sa mga residente nito ay palalawigin ang oras ng ilang tanggapan ng munisipiyo.

Ang mga tanggapan na ito ay ang Civic Livelihood Section (Shimin Seikatsu-Ka), Health Insurance at National Pension Division (Hoken / Nenkin-Ka) at ang Tax Section (Zeimu-Ka) sa pangunahing gusali ng City Hall tuwing Miyerkules. At sa Ohira, Fujioka, Tsuga, Nishikata at Iwafune branches ay sa Community Development Promotion Section (Machitsukuri Suishin-Ka) para sa mga nasabing tanggapan tuwing ikalawang Miyerkules ng bawat buwan mula ala 5:15 hanggang alas 7:00 ng gabi.

Maliban sa mga huli at unang araw ng taon ay patuloy itong gagawin.

Bilang partikular, ang sangay ng munisipiyo sa Ohira Machi ay may itinalagang interpreters para sa wikang Ingles tuwing Miyerkules mula alas 3:15 hanggang alas 5:00 ng hapon. At sa tuwing ikalawang Miyerkules ng bawat buwan palalawigin ang serbisyo ng interpreters hanggang alas 7:00 ng gabi.

Samantalahin ang serbisyong ito.

4. Paala-ala Tungkol sa Pagbabayad ng National Pension

Ang halaga ng kabayaran sa National Pension ay nagbabago kada taon. Sa fiscal year na 2025 ang halaga ng babayaran ay 17,510¥. At sa mga magbabayad ng cash ay makakatanggap ng payment slip mula sa Japan Pension Office sa mga unag araw ng Abril. Ang buwanang pension premiums ay dapat bayaran sa katapusan ng susunod na buwan.

Ang National Pension System ay nararapat na bayaran kada buwan upang hindi lamang makatanggap ng pension sa pagtanda ngunit ganundin sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng kapansanan o kamatayan.

Lahat ng taong naninirahan sa Japan sa pagitan ng edad na 20 at 59 taong gulang, anuman ang nasyonalidad, ay kinakailangang lumahok sa sistema ng National Pension ng Japan. Ang mga hindi nakasama sa Employees' Pension Plan ay dapat magpalista sa National Pension Plan.

Kung ang sahod ay may kaliitan at mahihirapan sa pagbayad nito ay maaaring mag-aplay para sa iksemsyon sa pagbabayad ng premiums nito. Bilang karagdagan, kung ikaw ay estudyante at may kahirapan sa pagbabayad dahil sa may maliit na kita ay maaaring mag-apaly din ng espesyal na iksemsyon para sa estudyante.

Sa pag-apply ng Permanent Residency, mariing inuusisa ang pagbabayad ng National Pension Plan. Kaya sa mga mag-aapply ng Permanent Residency ay dapat magbayad ng National Pension Plan premiums.